Republic of the Philippines
**DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT**
A. Francisco Gold Condominium II, EDSA corner Mapagmahal St., Diliman, QUEZON CITY
Telephone Number 925.11.48 • 925.88.88 • 925.03.32
www.dilg.gov.ph

BIYAHENG PINOY
TAPAT NA PALAKAD, BAYANG MAUNLAD

RELEASED
Signature MLA
Date 7-15-15
Control Number
RECORDS

Hulyo 15, 2015

MEMORANDUM SIRKULAR
BILANG 2015-75

PARA SA : LAHAT NG PUNONG LOKAL NG MGA LALAWIGAN, LUNGSOD, BAYAN AT BARANGAY, GOBERNADOR PANREHIYON NG ARMM, DIREKTOR PANREHIYON NG DILG AT IBA PANG KINAUUKULAN

PAKSA : PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA TUWING AGOSTO NG BAWA'T TAON

---

Alinsunod sa itinakda ng Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang mangunguna sa pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** na idinaraos tuwing 1-31 Agosto. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay *Filipino: Wika ng Pambansang Kaunlaran.*

Kabilang sa mga layunin ng pagdiriwang ay ang ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko, at mapakita ang kahalagahan ng wika na higit na mauunawaan ng nakararami para sa pambansang kaunlaran.

Dahil dito, malugod na hinihikayat ang suporta at pakikilahok ng lahat ng mga Punong Lokal ng mga lalawigan, lungsod, bayan at barangay sa mga gawain at programa kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

Para sa karagdagang detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Edukasyon at Networking (SEN) ng KWF, Gusaling Watso, 1610 Kalye J. P. Laurel, San Miguel, Maynila o tumawag sa telepono bilang (02) 736-2519.

Hinihiling ang lahat ng mga Direktor Panrehiyon ng DILG at Gobernador Panrehiyon ng ARMM ang malawakang pagpapalaganap ng kalatas na ito.

MAR ROXAS
Kalihim

DILG-OSEC OUTGOING 15-02102

It's more fun in the Philippines